CHAIR: Opo, ito naman po ay kaya ko po nauulit itong ganitong bagay, it is ito po ay sa kadahilanang in my understanding tgaht after we enact an appropriation ordinance, for example whatever it is on the content of the appropriations ordinance ay automatic po na authorize na po ang atin pong implementing departments kung papaano po for example ispend or gagastusin kung ito po ba ay equally or base po don sa guidelines ano po, but nevertheless this matter we're going to submit this to the body kung if they would allow to incorporate in such appropriations ordinance and certain stipultaion that authorizes but nevertheless ay again I believe that kapag inaprubahan na po antin ang isang appropriation ordinance naninwala po ako na authorize na po ang ating implementing agencies kung paano po and kumbaga ay sila na po ang bahala doon, in fairness po sa Sanggunian usually tayo po ay naghi-hearing po nagon with regards to Supplemental Budget No. 2 para matulungan din po ang ating mga kawani, sadya pong may mga ganon lang concern katulad nga po kanina sapagkat ayawa nga po nating masaayang ang atin pong effort sa pagbibigay ng ganitong insentibo, pagkatapos ay madidisallow po din lamang, actually the Sangguniang Panlungsod as a whole in unison ay kami po ay nagusap-usap actually we scheduled special session after this hearing parapo matugunan po ang atin pong supplemental budget no. 2 this is with the blessing of our honorable Vice Mayor para po matuloy ang ating special session. Councilor Julian Villena then Councilor Hamilton Blanco.

KAG. VILLENA: Thank you Mr. Chairman, magandang hapon po sa ating lahat. Sa fnance committee po, with regards po sa guidelines kayo ho ba ay nakipagugnayan sa COA dahil parang to my mind ay mukhang maiiba yong base don sa guidelines, maiiba yong distribution kasi ang iniingatan po lang natin diyan bagamat naririyan ho atsinabi ni Atty. Deguito kanina mukhang magkakapagasa ho sigurong baka mabalik yong aking three hundred fifty thousand na nadisallow, mukhang ilalaban ho yata ni Atty. dahil ako ho ang

nakaexperience nyan Atty. Na dinisallow ho ng COA hanggang ngayon ho ay akoy kinakaltasan pa ng five thosuand yata per month which is ang total amount po yon andiyan din po si Konsehal Boy three hundred ffty thousand ho yan, yon ho ay supported by reslution etc. etc. pero ang nangyari ho nong magamit namin ang inyong pera talagang ibinabalik namin at siguro ay baka kaunti na lang yong natitira, yon po yong ayaw naming mangyari baka ho okey sa atin, okey sa inyo, supported byu documents ay alam ponaman natin minsan po ang COA iba-iba ng ano yan, ng pananaw pagdating sa mga guidelines ats a batas, ay yon ho yong ayaw naming mangyari, napakahirap na ho e pag naibigay na at biglang dinisallow ay malaki hong problema niyan, ay hindi naman ho iisandaang piso ang mapapabigay niyan sa empleyado kaya yon ho yong aking gustong malaman, sa inyo po ba ay mayrong nakipagugnayan sa COA para mas lalo ho tayong sigurado na pag ginawan namin ng appropriation ordinance ibinigay sa mga tao, wala ho tayong magiging problema na dadating yong araw ididisallow nila magbabalik ang empleyado, thank you po.

CHAIR: Our City Accountant.

MS. S. BOOL: Good afternoon po, iadd ko lang muna po yong sa kay Konsehal Boy kanina, yong tinatanong po nya kung yong supplemental ay kailangan at kung allowed, ang PBB po or Performance Base Bonus yan poay additional ay addtional incentive para sa isang LGU na nagpeperform po ng above sa average so hindi po lahat ng LGU ay binibigyan nyan, so tayo po ay nabigyan ng 2017, yong 2017 na inaward po ng 2018, meaning po 2018 sa budget po natin hindi po siya kasama, kasi unexpected po, so since po nabigyan po tao ng grant for PBB, para sa mga employees po natin, at ang requirements lang po ni DILG at saka ni DBM ay kung meron po kayong sufficient fund para po maibigay sa mga empleyado, that is from savings po, PS Savings and from record po ni HR at saka ni mam Beth meron po tayo, so yon pong savings na yon, yon po ang ginawan ng supplemental, so yon po, allowed po siya, yon naman pong sa grant ng PBB may guidelines po tayo, joint circular niDBM at saka ni DILG na meron po yong parang criteria, bracket, kung paano po siya iko-compute so meron pong three categories siya, 60% para sa best,

best 60% of last years, 65 % based on last years in 2017 basic salary, so para pong ang basis natin is past years basic salaries 2017 PBB po sya, so ang best po ay pwede po siyang makaclaim ng 65% of last years salary, better 57.5% of last years basic salary and the good 50% base on alst years salary, so yan po kinomputan po ni HR yan, nagcome up po sa nineteen million something, isinubmit po natin yan sa DILG for approval, so per guidelines po yon po dapat ang mapabigay, depende po sa papatakan ng offices natin, tapos meron po siyang guidelines na ten percent of the total offices papatak dapat sa best, so kung tayo po ay 18 departments 10% po non or 2 departments yon po ang papatak sa best 25 % papatak don sa better at 65 % po ay sa good, so depende po siya sa ranking, depende rin po sa IPCR po nating sinasubmit kay HR depende po sa evaluation kung saan po papatak ang offices natin, don sa question po kung allow ni COA, kaya po tayo ay may guidelines so dapat po yon ang sundin, so kung tayo po ay magaaccross the board, malamang po ay ma AOM, Audit Observation Memorandum, hidni pa po siya disallowance, so apramaobserve ni COA na bakit ito ang ginawa nyo ay may guidelines, so pag lumabas po yan, nakaready po si Atty. Deguito para sagutin na ito naman po ay ang aim natin ay pantay pantay mapabigay dahil po iisa tayong nagtrabaho para makuha yong PBB award, so sa tingin ko naman po ay hindi ganong kaextravagant o ganong kaano para labagin yong guidelines kasi yon pong natotal na 19million, di natotal na po yon, per kung anong pinatakan natin ididivide po siya sa number of employees na papatak pong 11,400. Opo, so siguro naman po sa mata ni COA hindi na siya, pero hindi sya ganong, so need lang po talaga ay magandang justification kung bakit, so depende pa rin po kay Mayor at sa mga Sangguniang kung ano pong desisyon.

CHAIR: But before Atty. Teddy, gusto ko lang pong marinig sa atin pong City Accountant if we enact an Appropriation ordinance for example halimbawa po at nagawa ko na yong nagawa na namin ng komitiba yong draft ng report nitong appropriations ordinance na ito pattern don po sa mga previous ordinance ano if ever na maipasa po namin ang appropriation ordiannce na wala po yong, syempre nagawa na nga po yong draft,

hindi na po namin mababago in time can you implement that appropriation ordinance according to the liking or according to the request of our City Mayor. Atty. Teddy for mam Sheryl.

ATTY. T. DEGUITO: Alam ga ho ninyo ay ang tunay naman ho ay wala naman hong masyadong kuwan ho doon sa guidelines e, we determine na lang yong good, better best, ang problema lang ho doon ay lahat ho ng empleyado ay theyconsider themselves as best, katulad ho ng asawa hindi po natin, sabihin na lang ho nating better half ay problema ho ay tayo ang better half siya ho ang best, so ganon ho yon, ibig kong sabihin nagpapasimula pa laang ay bakit sabi naman ay halimbawa may pinili kayo sasabihin ay bakit naman best iyon, ibig kong sabihin e mas magaling yon kesa sa amin so para ho as I look at it ay talaga hong magkakaroon ho ng problema sa implementation dahil they implementing officer, the Accounting, the... they will take that literary, na merong best dito, merong good dito at may better dito, ang sa akin ho I always consider the employees to have performed in the best manner that they could, lahat ho yan ay best sa akin, dahil kasi ay parepareho naman ho yan, yan naman ho ay kung walang nagtrabaho, yon nga ho sabi ko nga sa inyo what is the difference between the Mayor and the janitor e di ga ho ay sabihin ng Mayor, ako naman ang Mayor dito, sabihin naman ng janitor ay kung di naman ako nagwalis diyan at di naman malinis ang bayan hindi naman nila maaachieve yan, so they will consider that the best so ang the Mayor is only stating na you consider everybody ay best para ho wala ho tayong issue at yon naman po kahit makarating sa Aom, we can easily determine, we always consider everybody, every employee who is qualified, kaya nga ho qualified yan e they are best, wala na tayong issue but kung wala kayong magiging statement na ganon ay magkakaroon ho ito ng ito ho ay best, ito ho ay good, ay medyo malaki ho ang diprensya nong best saka ho ng good, ay sa halip po na maging happy ang mga empleyado ay galit sa Mayor galit ho sa Executive officials pati ho sa SAnggunian ay galit din, ay aprepareho hong kagagalitan tayo binigyan na natin, so kung lahat ho ng mga yan ay the distinction will be remove, ang gusto lang ho ng Mayor ay yong distinction ay will be remove ay di wala ho tayong problema.

CHAIR: And yon pong sinasabi nyo na kailangan po ay nakasama po siya sa ordinance that will be equally distributed.

ATTY. T. DEGUITO: Opo, because they consider them everybody is best, ganon ho ang ibig sabihin.

CHAIR: I agree don po sa inyo pong sinasabi nga lamang kaya ko lang naman po natanong po yon is that because of our time constraint din po sapagkat sabi ko nga po, we also have scheduled special session for this matter and certain yon pong draft for deliberation po ng council is already printed out.

ATTY. DEGUITO: Ay nagkaroon ho ng problema e, because yon nga ho ay nagkaroon nga ho ng guidelines ang DBM na ito ay ibibigay, yon ho ay a lenght of service wala ho tayong magagawa don ang ibig kong sasbihin kung lenght of service ito ay ten years, 20 years, ay wala ho tayong magagawa don dahil ay pero yon hong good better best that is subjective, sila lang ho ang may sabing yon ay 65% ibibigay don sa best ay who will determine who is best and who is not, yon ho ang nagiging problema natin, so para wala na hong issue iremove na lang ho natin yon and the only person who can remove that or change that is the council, because you are the policy making body, kayo ho ay nagoperate under the Local Government Code.

(CONTINUATION NEXT STENOGRAPHIC REPORTER)

C E R T I F I C A T I O N

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct to the best of my knowledge, understanding and belief.

ZENY B. CUETO
Admin Assistant. V

CERTIFICATION

This is to certify that this copy is the official transcript of record of the Committee Hearing on August 8, 2018 at Sangguniang Panlungsod Session Hall.

CECILIA D. ATIENZA
Sr. Admin Asst. I

CONTINUATION OF COMMITTEE HEARING OF COMMITTEE ON APPROPRIATION

AUGUST 8, 2018 (T-2) (T-1/ZENY C.)

SUBJECT: SUPPLEMENTAL BUDGET NO.2 FOR CALENDAR YEAR 2018 OF THE CITY GOVERNMENT OF BATANGAS

X----------X

Atty. Teodolfo Deguito: …under Section 458 of the Local Government Code it is the Sangguniang Panlungsod which determines the amount of benefits each individual will get, ganun ho yun. Yun ho namang tungkol sa, ito ho nama'y for clarification, yun hong kanilang disallowance, disallowance eof Honorable Councilor Julian Villena and Honorable Boy Dimacuha, yun ho ang tunay ho nun hindi ho na-appeal yun sa itaas because nobody, nobody appealed it. The Legal Officer did not appeal it because there was no instruction from the Vice mayor to have that appealed, pinabayaan ho ng kuwan na makalampas. Nakalampas ho yung period, ay hindi na ho, 60 days lang bond 90 days, kuwan ho yun eh 6 months ho yun eh 180 days ay paano pa hahabol ay kung yun ho'y nai-appeal ay that could have been appealed ay wala hong appeal eh.

Coun. Nestor Dimacuha: Mr. Chair one last…

Chair: Prior to Councilor Boy we have Councilor Hamilton, thank you.

Coun. Hamilton Blnco: Thank you Mr. Chair, sa amin lang ho sa Local Finance Committee kami ho'y may agam-agam din lamang kung baga, kami ho dito gusto din naming maibigay ang sa bawat kawani ng gobyerno. Sabi nga po ninyo kanina ito po ay nanggaling sa taas ang direktibang ito at may sufficient fund, sabi rin nga po ni ma'am Bool limited lang ang binibigyan nito sa buong Pilipinas at siguro naman hindi lamang Batangas City ang meron nito and nasa discretion of ahh… tayo lamang po sa buong Pilipinas, buong province, ibig kong sabihin sa buong Pilipinas meron pa ring iba, ano po. Ang akin lamang po nasa discretion talaga ng Local Chief Executive ang kung ito po ay equal lahat, di ga tama po, sa amin po walang problema eh equal okay lang po. Pero dito po nakalagay sa page 4 of 7 narito po yung ika nga eh description nila na length of government service PBB rate nakalagay po dito. Ang akin po lamang ini-emphasize kung sa Province of Batangas tayo

lamang po ang may ganito at sa ibang lugar sa buong Pilipinas ay meron ding ibinigay na garine paano po halimbawa yung ibang kawani na halimbawa lamang po kasi gusto lang po natin na maging ahead yung ating isipan dahil pare-pareho din tayong mananagot dito sa COA o sa ombudsman kasi money ito, meron po dung isang maligalig na kawani ng gobyerno na, *"ah bakit ito lamang, bakit garne lamang sa tagal kong nagserbisyo 30 taon ang naririne at garine laang ang nakuha namin ay nakalagay naman naririto eh napakalinaw"*, wala po kaya tayong iba-violate dito na anumang patakaran ano po, yun lang po naman ang sa akin. Pero sa akin po walang problema.

Atty. Teodolfo Deguito: Can I answer that?

Chair: Yah Teddy.

Atty. Teodolfo Deguito: Ang pinag-uusapan ho natin dito'y regulations, yun hong tinatawag na circular, the circular is not a law it only states ng procedure kung papaano yan idi-distribute, pero yung hong distribution hindi clear dahil kasi meron hong best meron hong better, wala naman hong masyadong guidelines kung sino ang best, kung sino ho ang better at sino ho ang good. Ngayon as the honorable councilor has stated that is within the discretion of the city mayor how it can be or how the amount will be spent or how it will be distribute. In the letter of the city mayor nakalagay na ho doon yung kanyang discretion na i-distribute equally ang hinihingi lang sa inyo ay authority, authority to distribute that equally. At least that will balance yun hong circular, yun lang naman ho ang hinihingi sa inyo, so, you approve is like this, you approve the appropriation and you give the authority to the city mayor to distribute that equally, yun lang naman ho ang hinihingi sa inyo.

Chair: Our honorable vice mayor.

VM Dr. Jun Berberabe: Magandang hapon po sa ating lahat ang Sangguniang Panlungsod po ay kaisa sa isang magandang programa ng ating mahal na alkalde sa pagbibigay ng PBB sa ating mga kawani ng gobyerno. May katanungan lang po ako, gusto ko lang po malaman sa ating HR, ang lahat po ba ng department natin ang performance category nila ay best? Yung performance category kasi nakalagay po dun sa mga requirements kapag ang isang department halimbawa Sangguniang Panlungsod inilagay ko'y good department lang

sila, they would only get 50% ano ng mga empleyado of their monthly basic salary ano, kapag best may 65% yung department na yun ano yung mga empleyado dun sa department na yun, kapag good ay di point(.)575% ano po. Eh ibig sabihin po ba dahil tayo'y nakakuha ng PBB lahat ng ating department ang performance po nila'y best kaya pwedeng magbigay ng equal distribution ng kanilang PBB?

Ms. Aurea Castillo: Maganda hapon po, hindi po kasi nga po ang rating po niyan kinukuha, ibini-base po natin sa ating performance, sa ating strategic performance management system, yun pong isina-submit natin every semester na ating ITCR, so nung ma-compute po namin, bale po ay depende po sa final rating na ibinibigay po sa kanila ng kanilang department head so, lumalabas ay may 2 po na talaga na mataas ang kanilang final rating, 2 office at yun po ay yun nga po, meron na po kaming list kung sino yun, may 5 po kami na na-compute na sila ay nagpo-fall under better at may 11 po na nasa good sila, yun po.

VM Dr. Jun Berberabe: Marami pong salamat, siguro yun lang naman po ang agam-agam ng mga kasamahan ko dito katulad po nung sinabi ni Konsehal Hamilton Blanco yung length of service, kung 2017 lang siya nagsimula, isang taon palang siyang nagse-serve sa ating gobyerno ang iba nga naman'y 20 years so equally distributed din ang kanilang PBB na makukuha. So, baka lang ma-question tayo, yun lang po ang kinatatakutan namin baka po ma-question po tayo ng COA kasi may mga guidelines na nga po silang ibinigay sa atin tas hindi natin sinunod, pero alam ko naman po discretion talaga ito ng ating Local Executive ano. So, gusto ko lang po yun para on the record at least alam natin na meron po tayong mga guidelines na dapat i-follow pero discretion pa rin po talaga yun ng ating Local Executive.

Hair: Are there any ahhh, as I have said earlier ano, meron na po kasi tayong draft ng Committee Report and Appropriations Ordinance so with regards to that request for a certain stipulation or section as per our Finance Committee and our City Legal Officer to be included on the appropriations ordinance with regards to a certain section that may probably say entitled authority, that an authority be given to the Honorable City Mayor to distribute the performance base bonus equally to all city government employees in equal amounts, that matter that

certain section that is requested upon the chair and the committee would submit it to the body for consideration and possible subsidiary motion for amendment to this draft ano po. So, malinaw naman po at muli ko pong itinatanong sa atin pong Finance Committee at sa atin pong mga bisita with regards to any impediment or possible legal impediment, auditing, budgetary and possible disallowance or any legal matters that maybe ahh, sa atin pong Sangguniang Panlungsod, kung wala naman po ay… Atty. Teddy.

Atty. Teodolfo Deguito: Tungkol ho sa disallowance wala ho tayong magagawa ho dun, dahil yun naman hong auditor hindi naman natin malalaman kung magdi-disallow o hindi nasa kanya yun, maaari hong tama ang ginagawa idi-disallow. So, tungkol ho sa disallow we have nothing to fear, the auditor can exercise her discretion kung i-disallow nya kung hindi that is her prerogative ang atin lamang kuwan ay di yung ating defense, ngayon ang tunay ho nyan hindi ko ho alam kung papano ho nagre-rate ang isang opisina sa isang opisina dahil kasi ho natatandaan ko ho yung aking opisina lahat ho'y outstanding, ibig ko hong sabihin wala naman hong… lahat ho'y outstanding yan eh, di ga ho'y pag outstanding di ga ho'y best yaan, yun ho ang ibig kong sabihin. Why should this kuwan, bakit ho yung kanyang outstanding ay mas magiging lower dun sa another outstanding and this is of course, this is also through with the Sangguniang Panlungsod I think the honorable vice mayor give his employees an outstanding rating also, ay maaari gang sabihing bakit yung outstanding ni vice mayor ay mas mababa sa outstanding ng Legal Officer, ibig sabihin lahat ho ay generally outstanding. So, we cannot say that this kuwan is lower in category than that __, siguro naman lahat tayo ay naniniwala na ang iginireyd (graded) natin sa ating employee ay outstanding which mean to say na we consider all of them best.

Chair: Naniniwala po tayo dyan at lahat po ng taing empleyado ay magagaling at mahuhusay na lingkod-bayan dito po sa ating lungsod, I have no argument to that matter sa atin pong Atty. Teddy. So, malinaw po kung meron man pong nakakakita na maari pong magkaroon ng impediment dito po sa bagay na ito ay magsalita lamang so, hearing none, yes honorable vice mayor.

VM Dr. Jun Berberabe: Bago po tayo magtapos sa atin pong

Budget Officer, dun po sa Sangguniang Panlungsod na Supplemental Budget 2 na hinihingi po namin, yun pong sa air condition ng amin pong record section na worth 50 Thousand eh hanggang ngayon pa po ay nagiging malutong na po ang papel ng aming records division kasi nga po kapagka masyadong mainit nagpapawis po yung mga papel eh ito po'y mga importateng dokumento eh hanggang ngayon po ay hindi p natin nai-isama yung worth 50 Thousand lang sa air condition po ng ating records division at yung representation expenses po ng Sangguniang Panlungsod yun naman po'y hanggang December na yun naman po'y pambayad lamang sa Maxx's at Chowking na ginagamit po natin sa ating mga Committee Hearing sa atin pong mga session eh parang hindi rin po na-aprubahan, eh tanong ko lang po magkaka-supplemental budget pa po ba tayo?

Chair: Before our City Budget sa atin pong vice mayor, ahh naulit din po ng atin pong records division sa atin pong kumitiba yun pong air condition, ito po'y idinulog po natin sa... dun p okay Mr. Manolo Perlada at sabi po niya ay ito daw po ay isasama at bibigyan ng aircon daw o ang ating records division but mas maganda po ay ma-confirm po ito ng wala iba kundi ng ating City Budget Officer, tita Beth.

Ms. Elizabeth Q. Delos Reyes: Magandang hapon pong muli vice mayor yun pong inyong katanungan allow me to answer the question of honorable vice mayor. Yun pong kasagutan dun sa inyong katanungan tungkol sa aircon ng air conditioner ay sa records division po ng sanggunian ay ang alam ko po ay for delivery na yun, according to ma'am Joyce Cantre at kay Meldy po yun pong nagpa-follow up tungkol doon dahil talaga daw naman pong naipangako yun nang ating butihing mayor yung tungkol sa air conditioning units na yun at ito naman po vice mayor na mga request hindi ko lamang po nadala dito ay hindi lamang po Sangguniang Panlungsod ang hindi nakasama dito sa ating Supplemental Budget No. 2 sa kadahilanan po na kung mapapansin po natin ay ang atin pong source of fund dito pos a LBP form No. 8 ay nanggaling po sa unappropriated balance from Supplemental Budget No. 1 kung mababalikan po natin ang ating kopya ng Supplemental Budget No.1 amounting to 30 Million 943 Thousand 21 Pesos and 19 Centavos, dun po yun nanggaling na yun po ay eksaktong-eksakto lamang doon po sa ating ibinadyet(budgeted) ngayon para po dun sa mga handling fee para sa ating mga

loans, commitment fee and other financial charges po at ang sunod po natin na source of fund ay savings on Personal Services na doon nga poi natin kinukuha yung total amount ng ating performance base bonus na 19 Million 220 Thousand 4 Hundred at may nakasama po dito na request na sanggunian na tungkol po doon sa 2017 telephone expenses mobile in the amount of 48 Thousand 432 and 16 centavos. Doon po sa request ng sanggunian ay telephone expenses lamang po ang pwede nating kuhaning source of fund from the personal services, ang atin pong savings ng personal services base po dito sa ating naka-attached na inisa-isa po natin yung mga vacant positions ng mga offices po ang pwede laang po nating paggamitan noon, nun gating mga vacant positions ay pag tungkol po sa benefits ng mga employees doon po personal services din at yun pong sa utilities naman po, pwede rin po kaya lamang maliit na maliit na amount lamang po ang pwede natin at other po na MOOE or Capital Outlays at kung nao paman pong programs and activities ay hindi po natin pwedeng gawing source of fund ang personal services savings, kaya po ganito ang naging presentation ng ating Supplemental Budget No.2, talaga pong ang priorities natin dito ay ang benefits ng mga employees, yun po.

VM Dr. Jun Berberabe: Marami pong salamat, pero meron pa po tayong Supplemental Budget 3 more or less?

Ms. Elizabeth Q. Delos Reyes: Ayun po ay... kaya po kami ay nagkakangitian dito ay lagi pong depende kung may sosobra doon sa collection ni treasurer, yun pong total estimate income natin pero pag dun lang po sa isang portion halimbawa po ay sa business permits laang po sya sumobra hindi rin po tayo makakapag Supplemental Budget at marahil po kung tayo ay magkaka Supplemental Budget No.3 ay pag may dumating na uli na mga guidelines na galing pong national na kailangan na naman na magka-benipisyo ang ating mga employeesa maghahanap na naman po kami kung may mga vacant positions pa uli doon pa uli tayo kukuha pong source of fund, yun po ang sigurado natin na magkakaroon ng supplemental budget No.3.

Chair: Marami pong salamat, kung wala na po tayong katanungan, another option ano bago po tayo magtapos nun pong 2014 we have a resolution authorizing city mayor to grant PEI to qualified Batangas City Government Employees amounting to 30 Thousand per employee again sa savings of

city government for calendar year 2014. So, ito po ay also ahhh, again I would like to submit it to the body for consideration it's another option if you want, kung ayaw po ninyong i-incorporate to the ordinance via subsidiary motion to amend, we can approve this draft appropriation ordinance base on our previous supplemental budgets and enact an authorization by resolution with regards to the request of our Honorable City Mayor, different resolution authorizing the city mayor to answer to the request of our Local Chief Executive, that's another option.

Atty. Teodolfo Deguito: Palagay ko'y the best yun.

Chair: Thank you po, yes Councilor Boy D.

Coun. Nestor Dimacuha: May nag-text po ano po, ang tanong ho ay ano, napasingit ho yung fringe, nag-aalaala daw po sila baka ito na daw ho yung fringe, so ang sagot ko ho inba yung PBB keysa fringe. So, ilagay ho natin ito gawin ho nating official para yung mga agam-agam naman nung mga nag-iintay din ng fringe ay mahimbing na matutulog ano po, please.

Atty. Teodolfo Deguito: Iba po yun.

Chair: Okay po, kung wala na pong concern marami pong salamat sa atin pong mga bisita sa pagdalo para po sa ating mga kawani, sa atin pong mga kasamahang konsehal at sa ating pangalawang punong lungsod maramings alamat po, this Committee Hearing is hereby adjourn, thank you.

HEARING ADJOURNMENT: 2:15 PM

X----------X

C E R T I F I C A T I O N

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct according to my understanding, knowledge and belief.

FILIPINA M. GARCIA
ADMIN. ASST. V

C E R T I F I C A T I O N

This is to certify that this copy is the official transcript of record of Committee Hearing, held on August 8, 2018 at Sanggunian Session hall.

CECILIA D. ATIENZA
SENIOR ADMIN. ASST.I

--- ATTENDANCE SHEET---

NO	NAME	OFFICE	SIGNATURE
1	HON. SERGIE REX M. ATIENZA	CHAIRMAN	
2	HON. ALYSSA RENEE A. CRUZ	MEMBER	
3	HON. ARMANDO C. LAZARTE	MEMBER	
4	HON. JULIAN B. VILLENA	MEMBER	
5	HON. GERARDO A. DELA ROCA	MEMBER	
6	HON. EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE JR.	VICE MAYOR	
7	HON. AILEEN GRACE A. MONTALBO	SP	
8	HON. GLENN M. ALDOVER	SP	
9	HON. HAMILTON G. BLANCO	SP	
10	HON. OLIVER MACATANGAY	SP	
11	HON. KARLOS BUTED	SP	
12	HON. NESTOR DIMACUHA	SP	
13	HON. NELSON CHAVEZ	SP	
14	HON. ANGELITO A. DIMACUHA	ABC	
15	HON. MARJORIE MANALO	SK FEDERATION	
16	Engr. SONNY B. GODOY	OPDC-CPDO	
17	NILA PETRONILA R. OLIVARES	CTO	
18	SHERRYL B. BOOL	CAO	
19	Elizabeth R. de los Reyes	CBO	
20		CLO	
21	Aurea R. Castillo	HRMDO	
22			
23			
24			
25			
26			
27			
28			

COMMITTEE HEARING ON COMMITTEE ON APPROPRIATIONS

SUBJECTS: Supplemental Budget No. 2 for CY 2018

DATE: August 8 @ 3:00 PM